
Dibisyon ng mga Halalan
(Elections Division)
2925 NE Aloclek Dr #170
Hillsboro, OR 97124-7523

www.washcovotes.org

# Washington County Pamplet para sa mga Botante




## PANGUNAHING HALALAN
Mayo 19, 2026

### Lupon ng mga Komisyonado ng Washington County (Washington County Board of County Commissioners)

Kathryn Harrington, Chair
Nafisa Fai, Distrito 1
Pam Treece, Distrito 2
Jason Snider, Distrito 3
Jerry Willey, Distrito 4

**PAUNAWA**

Ito ang pamplet para sa mga botante ng iyong county. Iniimprenta ng Halalang Pang-county ng Washington (Washington County Elections) ang impormasyon gaya ng naisumite. Hindi namin itinatama ang pagbaybay ng salita, bantas, gramatika, sintaks, mga mali o hindi tumpak na impormasyon. Ang pamplet na ito ay naglalaman ng impormasyon para sa ilang distrito at maaaring may mga kandidato/panukalang-batas na hindi kasama sa iyong balota. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, tumawag sa 503-846-5800.

# Online na Gabay para sa mga Botante (Online Voters' Guide)

Ang impormasyong nakapaloob sa pamplet na ito para sa mga botante ay makukuha rin sa Online Voters' Guide (Online na Gabay para sa mga Botante).

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon

**TUMAWAG SA**
1-866-ORE-VOTE / 673-8683

**PUMUNTA SA**
oregonvotes.gov

**TTY**
1-800-735-2900
para sa mga may kapansanan sa pandinig

# MGA RESULTA NG HALALAN SA WASHINGTON COUNTY

**Malalaman simula 8 p.m. sa Araw ng Halalan**

Lokal:
www.washcovotes.org

# Impormasyon sa Rehistrasyon ng Botante

## Pagrehistro para Makaboto

Kwalipikado kang mag-rehistro para makaboto sa Oregon kung masasagot mo ng oo ang mga sumusunod na tanong:

- ✓ Ikaw ba ay residente ng Oregon?
- ✓ Ikaw ba ay isang mamamayan ng US?
- ✓ Ikaw ba ay hindi bababa sa 16 na taong gulang?

*Kung ikaw ay 16 na taong gulang, hindi ka makatatanggap ng balota hanggang sa may maganap na isang halalan sa o pagkatapos ng iyong ika-18 kaarawan.*

## Paano magparehistro

Maaari kang magparehistro online para makaboto sa oregonvotes.gov o kumuha ng kard ng rehistrasyon ng botante sa alinman sa mga sumusunod na lugar:

- Anumang Tanggapan para sa Halalang Pang-county
- Tanggapan ng Kalihim ng Estado (Secretary of State’s Office)
- Ilang ahensya ng estado tulad ng mga Serbisyo para sa Drayber at De-motor na Sasakyan
- Isang kampanya para sa rehistrasyon ng botante
- Ilang lokasyon ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (US Postal Service)
- Mga Aklatan

Pagkatapos kumpletuhin ang iyong kard ng rehistrasyon, ipadala sa koreo o dalhin ito nang personal sa aming tanggapan.
Ang huling araw para sa mga bagong rehistrasyon at pagbabago ng partido ay 21 araw bago ang Araw ng Halalan.

## Anong impormasyon ang kailangan para mag-rehistro?

Upang makumpleto ang iyong rehistrasyon, kailangan mong ibigay ang iyong:

- Buong legal na pangalan
- Tirahan (address)
- Address para sa koreo (kung naaangkop)
- Petsa ng kapanganakan
- Lagda
- Numero ng Lisensya sa Pagmamaneho sa Oregon, numero ng Kard ng Pagkakakilanlan o numero ng Social Security

## Rehistrado ba ako para makaboto?

Maaari mo nang tingnan ang iyong rehistrasyon online: oregonvotes.gov

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon
TUMAWAG SA 1-866-ORE-VOTE / 673-8683
PUMUNTA SA www.oregonvotes.gov
TTY 1-800-735-2900 para sa mga may kapansanan sa pandinig




# Balota para sa Pagboto nang Nakaliban

## I-update ang iyong rehistrasyon kung wala ka sa bahay

Hindi ipadadala ng post office ang iyong balota.

Maaari kang humiling ng balota para sa pagboto nang nakaliban kung hindi ka uuwi sa panahon ng halalan. Ipadadala ang balota sa alternatibong address na iyong ibibigay.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon

### TUMAWAG SA

1-866-ORE-VOTE/673-8683

### PUMUNTA SA


www.oregonvotes.gov

### TTY


1-800-735-2900
para sa mga may kapansanan sa pandinig

## Kumpletuhin ang iyong balota

Maingat na basahin at sundin ang lahat ng tagubilin na nakalathala sa iyong balota.





Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili. Hindi mo kailangang botohan ang lahat ng labanan. Bibilangin pa rin ang mga iboboto mo.




Para sa pagsasama ng pangalan ng isang kandidato:
Malinaw na i-print ang pangalan ng kandidato sa blangkong linya na nakalagay sa balota
**-at-**
Punan ang bilog sa tabi ng pangalan na isinama mo

## Suriin kung may mga mali





Kung bumoto ka nang mahigit sa isang opsyon, ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa kandidato o panukalang-batas na iyon.

## Suriing mabuti ang iyong balota

Makipag-ugnayan sa Halalang Pang-county ng Washington (Washington County Elections) sa **(503) 846-5800** o sa **elections@washingtoncountyor.gov** para humiling ng pamalit na balota kung:

- nagkamali ka
- nawala mo ang iyong balota
- nasira o namarkahan nang hindi tama ang iyong balota
- o sa anumang iba pang dahilan

Hindi mo maaaring baguhin ang iyong boto pagkatapos mong ibalik ang iyong balota.




## ANG BALOTA SA ALTERNATIBONG FORMAT

ay isang tool sa pagboto na nagbibigay-daan sa mga botanteng may kapansanan na makaboto nang pribado at independiyente.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa Balota sa Alternatibong Format, makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalang Pang-County ng Washington (Washington County Elections Division) sa 503-846-5800 o puntahan ang aming website sa

**www.washcovotes.org**

## Labag sa batas ang:

- lagdaan ang sobre para sa pagbalik ng balota ng ibang tao para sa kanila
- bumoto ng higit sa isang beses sa isang halalan o magsumite ng dinayang balota
- magsumite ng balota kung hindi ka legal na kwalipikadong gawin ito
- mamilit, manggigipit o kung hindi man ay labis na impluwensiyahan ang ibang botante
- magbenta, mag-alok na magbenta, bumili, o mag-alok na bumili ng balota ng ibang botante
- hadlangan ang pasukan ng isang gusali kung saan matatagpuan ang booth ng pagboto o opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- sirain ang anyo, alisin, baguhin, o wasakin ang balota ng ibang botante, isang nakapaskil na paunawa tungkol sa halalan, o mga kagamitan o suplay para sa halalan
- subukang mangolekta ng mga hinulog na balota sa loob ng 100 talampakan mula sa isang opisyal na lugar para sa pagsumite ng balota
- magtatag ng isang lugar ng drop box nang walang ipinakikitang karatula na nagsasabing “Not An Official Ballot Drop site” (Hindi Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota)

*Ang anumang paglabag sa mga natukoy na mga batas na panghalalan ay sumasailalim sa mga parusa mula sa mga Parusang Sibil (Hanggang $250 bawat Paglabag), Class A na mga Maliliit na Krimen, o Class C na mga Mabibigat na Krimen.*

Para sa higit na impormasyon tungkol sa pagboto sa Oregon o kung sa tingin mo ay nalabag ang iyong mga karapatan bilang isang botante:
**oregonvotes.gov**

**1 866 673 VOTE / 1 866 673 8683** se habla español
**1 800 735 2900** *para sa mga may kapansanan sa pandinig*

## Nakalimbag ang mga pahayag tungkol sa kandidato at pahayag ukol sa panukalang-batas tulad ng naisumite

Hindi sinusuri ng Washington County ang impormasyong isinumite ng mga kandidato at taga-file ng pahayag ukol sa panukalang-batas. Hindi iwinawasto ang hindi tumpak o maling impormasyon.

# Mga Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota

**Ibalik ang iyong hinulog na balota sa isang opisyal na drop box bago mag-8 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.**

Ang lahat ng opisyal na mga drop box na nakalista sa ibaba ay bukas 24 na oras sa isang araw hanggang sa deadline na 8 p.m. sa Araw ng Halalan.

## ALOHA

**Aklatang Pang-komunidad ng Aloha (Aloha Community Library)**
17455 SW Farmington Rd Ste 26A
Aloha, OR 97007

## BANKS

**Munisipyo/Aklatan ng Banks (Banks City Hall/Library)**
42461 NW Market St
Banks, OR 97106

## BEAVERTON

**Lungsod ng Beaverton (Beaverton City)** (Malapit sa Aklatan)
Sa Tabi ng Kalsada sa Hall Blvd
sa pagitan ng 3rd at 5th Streets
Beaverton, OR 97005

**Aklatan ng Beaverton-Murray Scholls (Beaverton Library-Murray Scholls)**
11200 SW Murray Scholls Place, Ste 102
Beaverton, OR 97007

**Aklatan ng Bethany (Bethany Library)**
15325 NW Central Dr Ste J-8
Portland, OR 97229

**Aklatang Pang-komunidad ng Cedar Mill (Cedar Mill Community Library)**
1080 NW Saltzman Rd
Portland, OR 97229

**Silangang Sentro ng Serbisyo ng Washington County (Washington County Service Center East)**
3700 SW Murray Blvd
Beaverton, OR 97005

**Aklatang Pang-komunidad ng West Slope (West Slope Community Library)**
3678 SW 78th Ave
Portland, OR 97225

## CORNELIUS

**Munisipyo ng Cornelius (Cornelius City Hall)**
1355 N. Barlow St
Cornelius, OR 97113

## FOREST GROVE

**Aklatang Panlungsod ng Forest Grove (Forest Grove City Library)**
Pacific Ave & Birch St
Forest Grove, OR 97116

## GARDEN HOME

**Aklatang Pang-komunidad ng Garden Home (Garden Home Community Library)**
7475 SW Oleson Rd
Portland, OR 97223

## HILLSBORO

**Pangunahing Aklatan ng Hillsboro (Hillsboro Main Library)**
2850 NE Brookwood Pkwy
Hillsboro, OR 97124

**Pampublikong Aklatan ng Hillsboro-Shute Park (Hillsboro Public Library-Shute Park**
775 SE 10th Ave
Hillsboro, OR 97123

**Parking Lot ng Gusali para sa Mga Pampublikong Serbisyo (Public Services Building Parking Lot)**
155 N 1st Ave
Hillsboro, OR 97124

**Halalang Pang-county ng Washington (Washington County Elections)**
2925 NE Aloclek Dr, Ste 170
Hillsboro, OR 97124

**Westside Commons**
801 NE 34th Ave
Hillsboro, OR 97124

## KING CITY
**Munisipyo ng King City (King City City Hall)**
15300 SW 116th Ave
King City, OR 97224

## NORTH PLAINS
**Munisipyo ng North Plains (North Plains City Hall)**
31360 NW Commercial St
North Plains, OR 97133

## SHERWOOD
**Munisipyo ng Sherwood (Sherwood City Hall)**
22560 SW Pine St
Sherwood, OR 97140

## TIGARD
**Munisipyo ng Tigard (Tigard City Hall)**
13125 SW Hall Blvd
Tigard, OR 97223

## TUALATIN
**Munisipyo ng Tualatin (Tualatin City Hall)**
18880 SW Martinazzi Ave
Tualatin, OR 97062

I-scan ang QR code na ito para makita sa mapa ang mga lokasyon para sa pagsumite ng balota:

Maaari mong ihulog ang iyong balota sa alinmang opisyal na drop box ng balota o sa tanggapan para sa pangangasiwa ng mga halalan sa Estado ng Oregon.


# Pagsubaybay sa Iyong Balota!

Mag-sign up para makatanggap ng mga update at notipikasyon tungkol sa iyong balota mula sa Mga Halalan ng Washington County (Washington County Elections). Makatanggap ng text, email o mga voice alert kapag napadala na namin ang iyong balota, kapag natanggap ang iyong balota sa tanggapan ng Halalan, at kapag natanggap at nabilang ang iyong balota.

Mag-sign up sa **washcovotes.ballottrax.net/voter** o i-scan ang QR code na ito

Ang programa sa pagsubaybay ng balota ng Washington County ay isang pakikipagtulungan sa i3ballot. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa serbisyong ito, tawagan ang Mga Halalan ng Washington County sa (Washington County Elections)
**(503) 846-5800** o mag-email sa amin sa **elections@washingtoncountyor.gov**

## Mag-sign up ngayon para magsimulang makatanggap ng mga notipikasyon sa iyong balota!



# Panukalang-Batas 34-351
# Washington County

Pag-amyenda sa mga Kinakailangan para sa Auditor ng County sa ilalim ng Karta ng County ng Washington

**TANONG:**
Dapat bang amyendahan ang Karta ng County ng Washington upang i-update ang mga kinakailangan sa pamantayan ng paninirahan at pag-audit para sa Auditor ng County?

**BUOD:**
Binabago ng iminumungkahing pag-amyendang ito sa Karta ng County ng Washington ang mga kinakailangan para sa Auditor ng Washington County sa pamamagitan ng pag-aatas sa Auditor ng Washington County na tugunan ang mga sumusunod na kondisyon:

1. Kinakailangang manirahan ang Auditor ng Washington County sa Washington County, Oregon sa loob ng isang taon kaagad bago manungkulan;
2. Kinakailangan ng Auditor ng Washington County na magsagawa ng mga pag-audit alinsunod sa Mga Pamantayan sa Pag-audit ng Pamahalaan;

   at

3. Inaalis ang Sertipikadong Propesyonal sa Pag-audit ng Pamahalaan (Certified Government Auditing Professional CGAP) bilang kwalipikasyon para tumakbo bilang Auditor ng Washington County .

Kung maaaprubahan, magkakabisa ang binagong Karta sa Enero 1, 2027.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**
Ang Auditor ng Washington County ay nagsisilbi bilang isang hinalal na opisyal pang-administratibo ng County na walang kinikilingan. (Karta, Seksyon 43) Ang Auditor ay may pananagutan sa mga tao na: (1) Patuloy na suriin ang pagiging epektibo at mga resultang natupad ng mga programa at gawain ng County at ang mga gastos at mapagkukunang ginamit upang makamit ang mga resultang iyon; (2) Iulat ang mga resulta ng mga pagsusuring ito, kabilang ang mga rekomendasyon at tugon ng Tagapangasiwa ng County, sa Lupon ng mga Komisyonado ng County; at (3) Mag-isyu ng taunang ulat sa Lupon at sa publiko na naglalarawan sa mga gawain ng Auditor sa nakaraang taon at plano para sa darating na taon. (Seksyon 46(c) ng Karta)

Aamyendahan ng panukalang-batas na ito ang Seksyon 43 at 46 ng Karta ng County

ng Washington upang: (1) atasan ang Auditor ng Washington County na manirahan sa Washington County sa loob ng isang taon kaagad bago manungkulan; (2) atasan ang Auditor ng Washington County na magsagawa ng mga pag-audit alinsunod sa Mga Pamantayan sa Pag-audit ng Pamahalan; (3) alisin ang sertipikasyon para sa Sertipikadong Propesyonal sa Pag-audit ng Pamahalaan (Certified Government Auditing Professional CGAP) bilang kwalipikasyon para sa pagkahalal bilang Auditor ng Washington County.

**Ano ang magagawa ng pag-amyendang ito sa Karta?**

Ang pag-amyendang ito sa Karta ay magpapatupad ng tatlong bagay:

- Daragdagan nito ang kinakailangang paninirahan ng Auditor kaagad bago manungkulan mula anim (6) na buwan upang maging isang (1) taon. Bilang paghahambing, ang isa pang hinalal na opisyal pang-administratibo ng County, ang Sheriff ng Washington County, ay dapat na residente ng Washington County sa loob ng dalawang (2) taon bago manungkulan.
- Aamyendahan nito ang seksyon 46(a) ng Karta upang atasan ang Auditor na magsagawa ng mga pag-audit alinsunod sa Mga Pamantayan sa Pag-audit ng Pamahalaan ng Tanggapan kaugnay ng Pananagutan ng Pamahalaan ng Estados Unidos (Government Accountability Office GAO).
- Aalisin nito ang kwalipikasyong sertipikadong propesyonal sa pag-audit ng pamahalaan (certified government auditing professional CGAP) na batayan ng kwalipikasyon para manungkulan bilang Auditor sa ilalim ng Seksyon 46(a) ng Karta. Ito ay isang luma at bihirang gamiting sertipikasyon.

**Makaaapekto ba itong pag-amyenda sa Karta sa mga buwis?**

Hindi. Walang inaasahang epekto sa rate ng buwis batay sa pag-amyendang ito.

**Ano ang mangyayari kung hindi maipasa ang pag-amyenda sa Karta?**

Ang kinakailangang paninirahan para sa Auditor bago manungkulan ay mananatiling anim (6) na buwan, ang Auditor ay hindi kailangang magsagawa ng mga pag-audit alinsunod sa Mga Pamantayan sa Pag-audit ng Pamahalaan, at ang sertipikasyon ng sertipikadong propesyonal sa pag-audit ng pamahalaan (certified government auditing professional CGAP) ay mananatiling isang sertipikasyong nagbibigay-kwalipikasyon para sa Auditor ng Washington County.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Alex Barnett, Abugado, Washington County)*

# Panukalang-Batas 3-635
# Lungsod ng Lake Oswego (City of Lake Oswego)

Pagpopondo para sa Muling Pagtatayo ng Himpilan ng Bumbero ng South Shore (South Shore Fire Station) upang Mapabuti ang Kaligtasan ng Komunidad

**TANONG:**
Dapat bang muling itayo ng Lake Oswego ang himpilan ng bumbero ng South Shore (South Shore fire station) upang mapabuti ang kaligtasan ng komunidad sa pamamagitan ng pag-isyu ng $20.6 milyon na mga bond?

**BUOD:**
Kung maaaprubahan, ang panukalang-batas na ito ay magpapahintulot sa pag-isyu ng mga pangkalahatang bond sa obligasyon upang buwagin ang kasalukuyang Himpilan ng Bumbero ng South Shore (South Shore Fire Station) (itinayo noong 1971) at magtayo ng pamalit na istasyon.

Gagawing moderno ng bagong istasyon ang gusali upang mapanatiling maikli ang oras ng pagresponde, magbigay ng mas mataas na antas ng kaligtasan para sa mga bumbero, at matugunan ang mga pamantayan hinggil sa katatagan ng mga gusali laban sa lindol.

Sinuri ng isang task force ang mga alternatibong opsyon, kabilang ang patuloy na mga pagpapaayos at pagsasara ng istasyon, at inirekomenda ang muling pagtatayo ng istasyon. Gawa ng mga kasalukuyang panuntunan sa pagtatayo ng gusali at mga batas pangkapaligiran, mas mahal na ang pagpapaayos kaysa sa pagtatayo ng bagong gusali. Bukod dito, kailangang muling itayo ang mga silid ng mga bumbero dahil hindi na ito kayang patibayin upang matugunan ang mga kasalukuyang pamantayan hinggil sa katatagan ng mga gusali laban sa lindol para sa mga mahahalagang pasilidad, kaya malalagay sa panganib ang mga bumbero at ang komunidad kapag may lindol.

Kung tatanggihan ang panukalang-batas, patuloy pa ring gagamitin ang kasalukuyang istasyon hangga't ligtas pa ito, ngunit malamang na kakailanganin itong ipasara balang araw.

Ang mga bond ay tinatayang magkakahalaga ng $0.19 kada $1,000 ng tinasang halaga ng ari-arian taun-taon. Maaaring mag-iba ang aktwal na mga rate batay sa mga rate ng interes at pagbabago sa tinasang halaga.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**
**Tungkol sa Himpilan ng Bumbero ng South Shore (South Shore Fire Station)**
Itinayo noong 1971, ang Himpilan ng Bumbero ng South Shore (South Shore Fire

Station), na matatagpuan sa 1880 South Shore Boulevard, ay ang pinakamatanda sa apat na himpilan ng bumbero ng Lake Oswego. Bagama't ang pangunahing pinaglilingkuran ng istasyon ay ang timog-silangang bahagi – kabilang ang Mataas na Paaralan ng Lakeridge (Lakeridge High School), Paaralang Elementarya ng Hallinan (Hallinan Elementary School), Luscher Farm, Sentro ng Libangan at mga Aktibidad na Pantubig ng Lake Oswego (Lake Oswego Recreation and Aquatic Center), Mary’s Woods, at ang Komunidad para sa mga Nakatatanda ng Stafford (Stafford Retirement Community). Ang Himpilan ng Bumbero ng South Shore (South Shore Fire Station) ay nagsisilbi bilang bahagi ng isang sistema ng pagtugon sa emerehensiya sa buong lungsod. Ang mga tauhan, sasakyan, at kagamitan mula sa istasyong ito ay tumutugon sa mga kritikal na insidente at mga emerhensiyang medikal sa buong komunidad ng Lake Oswego.

**Mga Kakulangan sa Pasilidad at Kaligtasan laban sa Lindol**
Sinuri ng isang Task Force ng Komunidad na itinalaga ng Konseho ng Lungsod ang pasilidad at napag-alamang umabot na sa itinakdang tagal ng paggamit ang Himpilan ng Bumbero ng South Shore (South Shore Fire Station). Hindi nakatatalima ang gusali sa kasalukuyang mga pamantayan hinggil sa katatagan ng mga gusali laban sa lindol para sa mga mahahalagang pampublikong pasilidad tulad ng mga himpilan ng bumbero, paaralan, o ospital. Natuklasan ng Task Force na ang mga kasalukuyang silid ng mga bumbero ay hindi maaaring patibayin upang matugunan ang mga mahahalagang pampasilidad na pamantayan hinggil sa katatagan ng mga gusali laban sa lindol. Matapos suriin ang mga alternatibo, natukoy ng Task Force na ang pagsasaayos ng kasalukuyang istruktura ay hindi matipid gawin kumpara sa gastos ng pagtatayo ng pasilidad na bago at ligtas sa lindol.

**Mga Pagpapahusay sa Kalusugan at Operasyon**
Kung maaaprubahan, popondohan ng panukalang-batas ang pagpapatayo ng isang bagong pasilidad na idinisenyong may kasamang:

- **Mga Lugar para sa Pagtanggal ng Kontaminasyon:** Mga itinalagang lugar na idinisenyo para mabawasan ang pagkakalantad ng mga bumbero sa mga materyales na nagdudulot ng kanser na karaniwang nararanasan habang nag-aapula ng sunog.
- **Modernong Paradahan ng mga Sasakyan:** Pinalawak na espasyo para sa imbakan ng mga modernong sasakyang pang-emerhensiya at kagamitan tulad ng pansagip na bangkang pandagat at mga trak na ginagamit para sa pagtugon sa mga malawakang sunog sa kagubatan o damuhan na hindi akma sa kasalukuyang istrukturang gawa noong 1971.
- **Kahandaan sa Operasyon:** Pasilidad na idinisenyo upang mapanatili ang kasalukuyang mga layunin ng lungsod sa pagtugon sa emerhensiya, kabilang ang target na maabot ang 90% ng mga tawag na may mataas na priyoridad sa loob ng 8 minuto o mas maikli pa.

**Iminungkahing Panukalang-Batas at Epekto sa Pananalapi**

Matapos suriin ang mga alternatibo, kabilang ang pagpapaayos at pagsasara ng Istasyon ng South Station (South Shore Station), inirekomenda ng Task Force ang buong pagpapalit na popondohan ng mga pangkalahatang bond sa obligasyon dahil ang mga kasalukuyang panuntunan sa pagtatayo ng gusali at mga regulasyong pangkapaligiran ay nagdudulot ng pagmahal ng pagpapaayos sa mga materyales na gawa noong 1970 kumpara sa pagtatayo ng bagong gusali. Sinuri ng Konseho ng Lungsod ang mga rekomendasyon ng Task Force at isinumite ang panukalang-batas na ito para sa pagsasaalang-alang ng mga botante.

Ang Panukalang-Batas 3-635 ay nagbibigay-pahintulot sa pag-isyu ng hanggang $20.6 milyon na mga pangkalahatang bond sa obligasyon upang buwagin ang kasalukuyang istruktura at magtayo ng bagong istasyon sa kasalukuyang lokasyon.

Tinatayang gagastos kaugnay ng bond ang mga may pag-aari ng $0.19 kada $1,000 ng tinasang halaga ng ari-arian taun-taon. Para sa isang bahay na may tinasang halaga na $600,000, ang tinatayang taunang gastos ay $114.

Kung tatanggihan ang panukalang-batas, hindi magi-isyu ng $20.6 milyon na mga bond, at hindi ipapataw ang buwis sa ari-arian. Ang kasalukuyang istasyon ay patuloy na gagamitin lamang hangga't naituturing itong ligtas, ngunit hindi ito ia-upgrade upang matugunan ang mga modernong pamantayan hinggil sa katatagan ng mga gusali laban sa lindol, kalusugan, o kaligtasan.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Laura Hawkins, Recorder ng Lungsod/Opisyal ng Halalang Panlungsod, Lungsod ng Lake Oswego (City of Lake Oswego))*

# Panukalang-Batas 3-637
# Lungsod ng Rivergrove (City of Rivergrove)

Limang taong lokal na opsyon na singil sa buwis para sa pangkalahatang operasyon

**TANONG:**
Dapat bang magpataw ang Lungsod ng Rivergrove (City of Rivergrove) ng $0.50 kada $1,000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon para sa pangkalahatang operasyon simula 2026-27? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**BUOD:**
Ang kikitain mula sa panukalang-batas na ito ay susuporta sa mga pangkalahatang tungkulin ng lungsod at makatutulong upang matiyak na mayroong mga serbisyong pagpaplano, inhenyeriya, at legal kapag kinakailangan. Nagbibigay-daan ang mga serbisyong ito para sa pagpapasiya batay sa tumpak na impormasyon, maagap na pagsusuri, at pagsunod sa mga kinakailangan ng estado at lokal na pamahalaan. Susuportahan din ng panukalang-batas na ito ang maayos na operasyon ng lungsod at mapapabuti ang kakayahan ng Lungsod ng Rivergrove (City of Rivergrove) na maglingkod nang epektibo at tapat sa mga residente. Ang hinihiling na rate ay makalilikom ng humigit-kumulang $63,000 sa taon ng pananalapi 2026-2027.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**
Hinihiling ng Lungsod ng Rivergrove (City of Rivergrove) sa mga botante na isaalang-alang ang isang limang-taong lokal na opsyon na singil sa buwis upang pondohan ang pangkalahatang operasyon ng lungsod.

Ang Rivergrove ay walang permanenteng batayan ng buwis sa ari-arian. Sa kasalukuyan, ang Lungsod ay pangunahing umaasa sa humigit-kumulang $37,000 kada taon na mga bayad sa franchise at halos $10,000 mula sa pinagsasaluhang kita ng Estado ng Oregon upang suportahan ang operasyon. Ang mga kitang ito ay nagpopondo sa mga pangunahing pangangailangang administratibo at pang-operasyon ngunit limitado ang saklaw.

Kung maaaprubahan, ang ipapataw na buwis ay magbibigay-pahintulot sa rate ng buwis sa ari-arian na $0.50 kada $1,000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon, simula sa taon ng pananalapi 2026-2027. Batay sa mga kasalukuyang tinasang halaga, ang ipapataw na buwis ay tinatayang makalilikom ng humigit-kumulang $63,000 taun-taon. Sa rate na ito, ang isang ari-arian na may tinasang halaga na $500,000 ay magbabayad ng humigit-kumulang $250 kada taon.

Ang kikitain mula sa ipapataw na buwis ay gagamitin para sa pangkalahatang

operasyon ng lungsod. Maaaring kabilang dito ang mga serbisyong tulad ng pagpaplano, inhenyeriya, suportang legal, at iba pang mga tungkuling administratibo na kailangan para sa pagsunod sa mga kinakailangan ng estado at lokal na pamahalaan at para sa pang-araw-araw na operasyon ng lungsod.

Ang panukalang-batas ay magbibigay ng karagdagang at pansamantalang mapagkukunan ng pondo upang suportahan ang kakayahan ng Lungsod na gampanan ang mga tungkulin nito. Magwawakas ang pagpapataw ng buwis pagkalipas ng limang taon maliban kung ire-renew ito ng mga botante.

Ang pag-apruba sa panukalang-batas ay maaaring magdulot ng pagtaas ng buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento bawat taon.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Analeis Weidlich, Tagapamahala ng Lungsod, Lungsod ng Rivergrove (City of Rivergrove))*

# Panukalang-Batas 34-349
# Lungsod ng Tigard (City of Tigard)

Mga bond upang palitan ang mga pasilidad para sa pampublikong kaligtasan, pagawaing-bayan, at mga operasyong pang-emerhensiya.

**TANONG:**
Dapat bang palitan ng Tigard ang mga pasilidad para sa pampublikong kaligtasan, pagawaing-bayan, at emerhensiya; tugunan ang kaligtasan, seguridad sa pamamagitan ng pag-isyu ng $150 milyong bond, na may kinakailangang mga pag-audit? Kung maaaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**BUOD:**
Ang kakayahan ng Tigard na maglingkod sa komunidad ay naapektuhan ng kasalukuyang mga pasilidad ng pulisya at mga pagawaing-bayan, na lagpas na sa itinakdang tagal ng paggamit at inirekomenda nang palitan noong 2006. Ang populasyon ng Tigard ay trumiple mula nang itayo ang mga ito, na nadagdagan ng 40,000 katao, at hindi na sumasalamin ang mga kasalukuyang pasilidad sa mga pinakamahusay na pamamaraan para sa pampublikong kaligtasan.

Ang mga iminumungkahing bond ay magpopondo sa mga minsanang gastusin sa pamumuhunan (capital costs) na may kinalaman sa pagbibigay ng isang bagong sentralisadong pasilidad at mga kaugnay na proyekto, kabilang ang:

- Isang Sentro ng Operasyong Pang-emerhensiya, para suportahan ang maagap at epektibong pagtugon sa panahon ng mga sakuna tulad ng ice storm, baha, o lindol.
- Ligtas na pagtatago ng mga ebidensiya kaugnay ng krimen sa mismong pasilidad at isang kapaligirang may kaalaman tungkol sa trauma para sa mga biktima ng krimen.
- Lugar ng pagsasanay upang manatili ang mga opisyal ng pulisya sa mismong pasilidad para sa kinakailangang pagsasanay, at handang tumugon sakaling magkaroon ng emerhensiya.

Magi-isyu ng mga pangkalahatang bond sa obligasyon na may halaga ng prinsipal na hindi hihigit sa $150 milyon, at posibleng hahati-hatiin sa maraming serye, na ang bawat isa ay magma-mature sa loob ng 30 taon. Ang tinatayang taunang rate ng buwis ay $0.765/$1,000 ng tinasang halaga. Maaaring mag-iba ang aktwal na rate ng singil sa buwis dahil sa mga pagbabago sa mga rate ng interes at/o tinasang halaga.

Ang mga kinakailangang independiyenteng taunang pag-audit ay magbibigay-katiyakan na may pananagutan sa proyekto.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

***Dahilan Kung Bakit Iminumungkahi ang Bond***

Ang mga gusali ng pulisya at mga pagawaing-bayan ng Tigard ay lagpas na sa itinakdang tagal ng paggamit sa mga ito. Itinayo ang mga ito mahigit 40 taon na ang nakalilipas para sa isang komunidad na mula noon ay trumiple na ang laki. Hindi na sapat ang laki ng mga ito para makayanan ang mga pangangailangan ngayon sa serbisyo at hindi na nakatatalima sa kasalukuyang mga pinakamahusay na pamamaraan sa pampublikong kaligtasan. Ang mga unang tagaresponde ng Tigard at mga kagamitang kailangan nila para magawa ang kanilang mga trabaho ay nakatalaga sa siyam na lokasyon, na nagiging dahilan para hindi gaanong epektibo at mas magastos ang operasyon. Sa nakalipas na ilang taon, sinuri ng lungsod kung paano matutugunan ang kasalukuyan at darating na mga pangangailangan sa serbisyo ng lumalaking komunidad na ito at nakabili ito kamakailan ng bakanteng lupa na 9.5 ektarya para sa pasilidad na ito. Matapos maisagawa ang mga paunang paghahanda, ang susunod na hakbang ay ang isangguni ang bond sa mga botante para sa konstruksyon.

***Ano ang Popondohan ng Bond***

Popondohan ng bond ang mga minsanang gastusin sa pamumuhunan (capital costs) na may kaugnayan sa paglalaan ng bago at pinagbuklod na pasilidad para sa mga unang tagaresponde na tumutugon sa mga krimen, titiyakin nito ang malinis na tubig na maiinom, at pananatilihin ang mga kalsada. Dahil dito, mas epektibo at madaling makatutugon ang Tigard sa mga isyu sa araw-araw at sa panahon ng krisis.

Ang bagong pasilidad ay:

- Magkakaroon ng matatag na sentro ng operasyong pang-emerhensiya na may mga reserbang sistema ng kuryente at komunikasyon na kayang gumana nang mag-isa hanggang 7 araw kapag mayroong mga malalaking pagkawala ng kuryente, bagyo, baha, o iba pang mga malawakang emerhensiya.
- Magpapahusay sa mga kakayahan sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga lugar ng trabaho at mas maayos na pagprotekta sa mga mamahaling kagamitan laban sa puwersa ng kalikasan.
- Tatalima sa mga pinakamahusay na pamamaraan para sa ligtas na pagtatago ng mga ebidensiya kaugnay ng mga kasong kriminal sa mismong pasilidad, sa halip na itago ang mga ebidensiya sa mga inuupahang espasyo sa ibang lugar.
- Magbibigay ng patas na pag-akses sa mga taong may kapansanan

- Maglalaan ng isang kapaligirang may kaalaman tungkol sa trauma at sumusuporta sa mga biktima ng krimen upang makipag-ugnayan sa mga opisyal.
- Magkakaroon ng lugar para sa pagsasanay sa mismong pasilidad upang hindi na kailangang umalis pa ng komunidad ang mga pulis para sa kinakailangang pagtuturo.

Ipatutupad ng lungsod ang katapatan (transparency) at may pananagutan sa pamamagitan ng mga kinakailangang taunang independiyenteng pag-audit at pampublikong pag-uulat upang matiyak na ang mga pondo mula sa bond ay ginagamit ayon sa inaprubahan ng mga botante.

***Paano Popondohan ang Bond***

Upang pondohan ang proyekto, magi-isyu ng mga pangkalahatang bond sa obligasyon na may halaga ng prinsipal na hindi hihigit sa $150 milyon, na posibleng hahati-hatiin sa maraming serye, na ang bawat isa ay magma-mature sa loob ng 30 taon. Ang mga pagbabayad para sa bond ay popondohan sa pamamagitan ng mga buwis sa ari-arian.

Kung maaaprubahan ang iminungkahing bond, ang tinatayang taunang rate ng buwis para sa proyekto ay $0.765 kada $1,000 ng tinasang halaga ng ari-arian. Para sa karaniwang may-ari ng bahay sa Tigard, katumbas iyon ng humigit-kumulang $263 kada taon (mga $22 kada buwan).

Dahil nakatakdang magwakas ang kasalukuyang bond para sa mga parke ng lungsod, ang tinatayang netong pagtaas mula sa rate ng buwis ngayon ay magiging humigit-kumulang $163 kada taon (mga $14 kada buwan) para sa karaniwang may-ari ng bahay.

Bilang batayan, ang karaniwang bahay sa Tigard ay may tinasang halaga na $344,406 mula noong Nobyembre 2025, na maihahambing sa aktwal na halaga sa merkado na $638,972.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Emily Tritsch, Pansamantalang Tagapamahala ng Lungsod, Lungsod ng Tigard (City of Tigard))*

# Panukalang-Batas 3-632
# Lungsod ng Wilsonville (City of Wilsonville)

Aamyendahan ang Karta upang kailanganin ang pag-apruba ng mga botante sa Mga Plano sa Pagpapaganda ng Lungsod.

**TANONG:**
Dapat bang amyendahan ang Karta ng Wilsonville upang kailanganin ang pag-abiso sa at pag-apruba ng mga botante para magsagawa o baguhin nang husto ang Mga Plano sa Pagpapaganda ng Lungsod?

**BUOD:**
Inaamyendahan ng panukalang-batas na ito ang Karta ng Wilsonville upang kailanganin ang pag-apruba ng mga botante sa paggawa ng, o mga malakihang pagbabago sa, Mga Plano sa Pagpapaganda ng Lungsod (“Mga Plano”). Kakailanganin ng Lungsod na magbigay ng pampublikong paunawa kapag may halalang magpapahintulot ng bagong pagkakautang para sa pagpapaganda ng lungsod, kabilang ang halagang uutangin, panahong itatagal ng pagbabayad, tinatayang kabuuang halaga ng pagbabayad, mga epekto sa mga distrito ng pagbubuwis, at mga palagay hinggil sa feasibility study kaugnay ng mga karagdagang yunit ng pabahay at kuwadradong talampakang sukat na pangkalakal at pang-industriya, kung naaangkop.
Kung ang Ahensya para sa Pagpapaganda ng Lungsod (“Ahensya”) ay mananatiling aktibo matapos mabayaran ang lahat ng pagkakautang para sa pagpapaganda ng lungsod sa mga kasalukuyang Plano at walang mga bagong Planong naaprubahan sa loob ng apat na taon pagkatapos ng pagbabayad ng utang, dapat magsagawa ang Lungsod ng isang pagboto para makuha ang opinyon ng mga lokal na lupon ng mga botante kung dapat pa bang manatiling aktibo ang Ahensya. Kung suportado ng nakararaming botante ang pagpapanatili ng Ahensya, maaaring isaalang-alang ng Konseho ng Lungsod ang mga iminumungkahing Plano para sa karagdagang apat na taon.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Kimberly Veliz, Recorder ng Lungsod)*

# Panukalang-Batas 36-239
# Distrito ng Paaralan 29J ng Newberg (Newberg School District 29J)

5 Taong Pagpapataw ng Buwis para mapanatili ang mga paaralan sa komunidad, mga guro, at bilang ng mga mag-aaral sa klase

**TANONG:**
Dapat bang panatilihin ng Distrito ang mga paaralan sa komunidad, mga guro, at bilang ng mga mag-aaral sa klase; magpataw ng buwis na $1.20/$1,000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon simula 2026-27? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang mahigit tatlong porsyento.

**BUOD:**
Inaasahan ng Distrito ng Paaralan 29J ng Newberg (Newberg School District No. 29J) ang tinatayang $4.5 milyong kakulangan sa pondo para sa taong panuruan 2026-27. Ang kakulangang ito ay bunga ng gastos para maibalik ang isang buong taong panuruan at maisaalang-alang ang implasyon at iba pang mga kinakailangang pagtaas; hindi sapat na pondo mula sa estado, at kulang na reserbang pondo (na nagamit na matapos ang krisis sa pananalapi noong 2023-24).

Maaaring kabilang sa mga pagbawas ang:

- Pagsasara ng 2 paaralan sa komunidad
- 25 Full-time na posisyon sa Pagtuturo
- 10 Full-time na posisyon na walang kaugnayan sa pagtuturo
- 5 Araw ng pagpasok sa paaralan
- Pagkawala ng mga programang pang-akademiko at mga suporta

Kung maaaprubahan, ang Lokal na Pagpapataw ng Buwis para sa mga Paaralan ay magbibigay ng pondo na tinatayang $6 na milyon taun-taon sa loob ng limang taon upang makatulong sa pagpapanatili ng kasalukuyang operasyon kabilang ang pagpopondo para sa:

- Mga kasalukuyang paaralan sa komunidad;
- Mga posisyon sa pagtuturo;
- Makatwirang bilang ng mga mag-aaral sa klase;
- Buong taong akademiko o panuruan ;
- Sapat na reserba upang matugunan ang mga kakulangan sa pondo sa hinaharap.

Susubaybayan ang mga pondo sa isang espesipikong sub-account, at imomonitor ng

isang komite ng mga mamamayan para sa badyet at ng lupon ng paaralan para sa pangangasiwa ang mga gastusin upang matiyak na ang mga pondo ay ginagamit ayon sa inaprubahan ng mga botante. Walang pondo mula sa ipapataw na buwis ang gagastusin para sa administrasyon, mga pagpapaayos ng gusali, o pagpapanatili. Ang mga gastusin mula sa pondo ay isasama sa taunang audit ng Distrito na isinasagawa ng ikatlong partido.

Tinatayang makakalikom ang pagpapataw ng buwis na ito ng $32,500,000 sa loob ng limang taon. Tinatayang kabuuang halaga para sa bawat taon: 2026-27 $6,100,000; 2027-28 $6,300,000; 2028-29 $6,500,000; 2029-30 $6,700,000; 2030-31 $6,900,000. Ang tinatayang halaga ng buwis para sa panukalang-batas na ito ay PAGTATANTYA LAMANG, batay sa pinakamahusay na impormasyong nakuha mula sa tagatasa ng county sa oras ng pagtatantya at maaaring nagpapakita ng epekto ng mga diskuwento sa maagang pagbabayad, compression, at rate ng koleksyon.

**Pagpapaliwanag na Pahayag:**

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Newberg-Dundee (Newberg-Dundee Public Schools) ay naglilingkod sa humigit-kumulang 4,000 mag-aaral sa 10 paaralan – kabilang ang 6 na paaralang elementarya, 2 middle school, at 2 high school – sa mga lungsod ng Newberg at Dundee, na karamihan ay nasa Yamhill County.

**Ano**

Isinangguni ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Paaralan Blg. 29J ng Newberg (Newberg School District No. 29J) ang limang-taong Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis sa mga botante. Ang halalan para sa pagpapataw ng buwis ay nakatakda sa Mayo 19, 2026, at kung maaaprubahan, magsisimula ito sa taong panuruan 2026-27 at tatagal hanggang 2030-31.

**Konteksto at Layunin**

Inaasahan ng Distrito ng Paaralan 29J ng Newberg (Newberg School District No. 29J) ang tinatayang $4.5 milyong kakulangan sa pondo para sa taong panuruan 2026-27. Ang kakulangang ito ay bunga ng gastos para maibalik ang isang buong taong panuruan at maisaalang-alang ang implasyon at iba pang mga kinakailangang pagtaas ng gastusin, hindi sapat na pondo mula sa estado, at mga naubos na reserbang ginamit noong 2023-24 na may krisis sa pananalapi. Nakagawa na ang Distrito ng mga mahahalagang hakbang para makatipid, kabilang ang pagbabawas ng 76.75 na full-time na katumbas na posisyon, pagpapalakas ng mga panloob na pagkontrol sa pananalapi, pagbabawas ng 20% sa mapag-iingatang pondo (discretionary funds), at pagtigil sa pagtanggap ng mga bagong empleyado.

**Mga Posibleng Epekto Kung Wala ang Singil sa Buwis**

Kung walang lokal na opsyon na singil sa buwis, inaasahan ng Distrito na kakailanganin ang mga karagdagang pagbawas at maaaring kabilang ang:

- Pagsasara ng mga paaralan sa komunidad

- Pagtatanggal ng 25 full-time na posisyon sa pagtuturo
- Pagtatanggal ng 10 full-time na posisyon na walang kaugnayan sa pagtuturo
- Pagbabawas ng 5 araw ng pasok sa akademikong kalendaryo
- Pagkawala ng mga programang pang-akademiko at suporta para sa mga mag-aaral

**Paano Gagamitin ang mga Pondo mula sa Ipapataw na Buwis**
Ang kita mula sa ipapataw na buwis ay gagamitin lamang para sa mga mag-aaral ng Newberg at hindi ibibigay sa estado para ipamahagi sa ilalim ng pormula sa pagpopondo ng estado sa mga paaralan. Walang pondo mula sa ipapataw na buwis ang gagamitin para sa administrasyon, mga pagpapaayos ng gusali, o pagpapanatili. Susuportahan ng pondo ang:

- Pangangalaga sa mga kasalukuyang paaralan sa komunidad
- Pagpapanatili sa mga posisyon sa pagtuturo
- Makatwirang bilang ng mga mag-aaral sa klase
- Isang buong taong akademiko o panuruan
- Sapat na reserba para matugunan ang mga kakulangan sa pondo sa hinaharap

**Pananagutan at Pangangasiwa**
Magtatatag ang Distrito ng isang nakatalagang account ng pondo para sa mga koleksyon mula sa ipapataw na buwis upang matiyak ang detalyadong pagtutuos (accounting) at katapatan (transparency). Ang mga gastusin ay isasama sa taunang audit ng Distrito na isinasagawa ng ikatlong partido Isang komite ng mga mamamayan para sa badyet at Lupon ng Paaralan ang mangangasiwa upang matiyak na ginagastos ang mga pondo ayon sa nilalayon ng mga botante. Walang pondo mula sa ipapataw na buwis ang gagastusin para sa administrasyon, mga pagpapaayos ng gusali, o pagpapanatili.

**Impormasyon hinggil sa mga Gastos**
Kung maaaprubahan, ang iminumungkahing Pagpapataw ng Buwis para sa Paaralan ng Newberg (Newberg School Levy) ay makakalikom ng humigit-kumulang $6.1 milyon sa rate na tinatayang hindi hihigit sa $1.20 kada $1,000 ng nabubuwisang tinasang halaga na sakop ng distrito sa loob ng limang taon. Halimbawa, ang isang may-ari ng bahay sa Distrito ng Paaralan ng Newberg-Dundee (Newberg-Dundee School District) na may karaniwang (mean) tinasang halaga na $330,000 ay magbabayad ng humigit-kumulang $33.00 kada buwan.

Ang mga aktwal na halagang malilikom ay nakasalalay sa mga pagbabago sa tinasang halaga at aktwal na halaga sa merkado (real market value) ng mga ari-arian sa loob ng distrito. Ang ipapataw na buwis ay tinatayang makakalikom ng humigit-kumulang $6 na milyon taun-taon, na may kabuuang pagtatantya na $32.5 milyon sa loob ng limang taon. Mga inaasahang taunang kabuuan: 2026-27: $6.1 milyon; 2027-28: $6.3 milyon; 2028-29: $6.5 milyon; 2029-30: $6.7 milyon; 2030-31: $6.9 milyon.

**Alamin ang Higit Pa sa newbergschoolslevy.org**

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: David Parker, Superintendente, Distrito ng Paaralan 29J ng Newberg (Newberg School District 29J))*

# Panukalang-Batas 34-350
# Pandistritong Parke at Libangan ng Tualatin Hills (Tualatin Hills Park & Recreation District)

Mga Bond para sa Pagpapaayos ng mga Pasilidad, Pagpapahusay ng Kaligtasan, mga Parke, Daanan, at Likas na Lugar

**TANONG:**
Dapat bang pahusayin ng Distrito ang kaligtasan, mga parke, daanan, at likas na lugar; ipaayos ang mga pasilidad; mag-isyu ng $280,000,000 na mga bond, na inaasahang magpapanatili sa dati nang tinantyang rate ng buwis? Kung maaaprubahan ang mga bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi saklaw ng mga limitasyon ng seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**BUOD:**
Pangunahing popondohan ng panukalang-batas na ito ang pagpapanumbalik ng mga kagamitan sa parke, mga daanan, at mga pasilidad panlibangan sa loob ng Pandistritong Parke at Libangan ng Tualatin Hills (Tualatin Hills Park & Recreation District); pahuhusayin nito ang kaligtasan at pagiging madaling gamitin; poprotektahan nito ang mga likas na lugar; pagtutuunan ang pagpapanatili ng mga kasalukuyang ari-arian sa buong distrito.

Popondohan ng mga bond ang mga minsanang gastusin sa pamumuhunan, kabilang ang:

**Pagpapaayos at Pag-update ng mga Parke, Daanan, at Pasilidad; Pagprotekta sa mga Likas na Lugar**

Ayusin ang mga parke, daanan, sentrong panlibangan, lugar pang-isports, court, swimming pool, kagamitan, at protektahan ang mga likas na lugar. Ang isang bahagi ng pondo ay para sa estratehikong pagbili ng lupa at mga makabagong pasilidad.

**Pagpapahusay sa Kaligtasan at Pagiging Madaling Gamitin**

Tugunan ang mga alalahanin hinggil sa kaligtasan at pagiging madaling gamitin; i-upgrade ang mga ilaw, palitan ang mga lumang sistema ng seguridad at pag-apula ng sunog.

**Mga Pagpapahusay sa Imprastruktura**

Palitan ang mga bubong, mga sistema ng pagpapainit/pagpapalamig, mga pagpapabuti sa pagtitipid ng enerhiya, pagtatayo ng imprastruktura.

Noong 2008, inaprubahan ng mga botante ang isang panukalang-batas sa bond. Ang singil sa buwis na ito ay nakatakdang magsimula matapos magwakas ang nakaraang ipinataw na buwis ayon sa panukalang-batas. Tinataya ng THPRD na ang rate ay nasa $0.37/$1,000 ng tinasang halaga, katulad ng rate na itinakda noong 2008. Maaaring mag-iba ang aktwal na rate ng ipapataw na buwis batay sa mga panghuling rate ng interes at pagbabago sa halaga ng ari-arian.

Maaaring mag-isyu ng maraming serye ng bond na magma-mature sa loob ng 20 taon mula sa panahon ng pag-isyu.

Nangangailangan ng pangangasiwa ng komunidad at regular na mga pag-audit

**Pagpapaliwanag na Pahayag**
Ang panukalang-batas na ito ay magbibigay-daan sa THPRD na mag-isyu ng hanggang $280 milyon na mga pangkalahatang bond sa obligasyon upang pondohan ang mga minsanang gastusin sa pamumuhunan kabilang ang mga pagpapaayos at pagpapabuti sa mga pasilidad at ari-arian.

Ang pangunahing pokus ng panukalang-batas ay ang pagpapaayos at pagpapanatili ng kasalukuyang sistema ng parke at libangan, para tumagal pa ang mga kasalukuyang pasilidad.

Ang THPRD ay kasalukuyang nagpapatakbo ng 122 parke, 85 milya ng mga daanan at landas, 6 na sentrong panlibangan, 8 swimming pool, at daan-daang lugar pang-isports at court sa buong 50 milya kuwadrado. Tutugunan ng mga popondohang proyekto ang mga pagpapaayos at pagpapahusay sa kaligtasan at makatutulong ang mga ito na mapanatiling bukas sa publiko ang mga pasilidad.

**<u>Ano ang magagawa ng bond?</u>**

Ang mga proyektong popondohan ng panukalang-batas ay maaaring kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

**Pagpapaayos at Pag-update ng mga Parke, Daanan, at Pasilidad**

- Palitan ang mga depektibong istruktura ng parke, palaruan, at kagamitan.
- Gawing moderno at ayusin ang mga espasyo, i-update ang mga pasilidad pampalakasan, pagandahin ang mga palikuran, at higit pa.
- Ayusin o palitan ang mga sirang daanan.
- Ayusin, palitan ang mga lugar pang-isports at court.
- Estratehikong pagbili ng lupa, kabilang ang pagdurugtong sa mga puwang sa sistema ng daanan.
- Pagandahin o muling pagandahin ang mga lugar sa parke

**Pagprotekta sa Mga Likas na Lugar**

- Bumili ng lupa sa mga likas na lugar para sa pangangalaga ng kapaligiran.

**Pagpapahusay sa Kaligtasan at Pagiging Madaling Gamitin**

- Alisin ang mga hadlang sa pagiging madaling gamitin para sa mga taong may kapansanan.
- I-update ang mga sistemang pangkaligtasan at panseguridad, kabilang ang mga camera na panseguridad at mga sistema ng pagkontrol sa pagpasok.

**Mga Pagpapahusay sa Imprastruktura**

- Tugunan ang mga naantalang gawain sa pagpapanatili sa buong distrito.
- Ayusin o palitan ang mga lumang bubong, mga sistema ng pagpapainit at pagpapalamig, mga sistema sa pag-apula ng sunog, mga sistema ng pagpapailaw, at higit pa,
- I-upgrade o palitan ang mga sistemang pang-istruktura, mekanikal, at elektrikal.
- Pahusayin ang mga sistema ng bentilasyon.
- Ayusin ang mga tagas, bitak, at sirang istruktura.
- Palitan sa ibabaw o ayusin ang mga swimming pool.
- Maglagay ng mga solar panel; mga pagpapahusay sa pagtitipid ng enerhiya.

Ang lahat ng pondo mula sa bond ay gagamitin para sa mga pagpapaayos ng mga kagamitan at minsanang gastusin sa pamumuhunan, at pang-araw-araw na operasyon.

**Magkano ang aabutin ng mga bond?**

Noong 2008, inaprubahan ng mga botante ang isang panukalang-batas sa bond para sa mga parke at libangan. Kung maaaprubahan ang panukalang-batas sa 2026, inaasahan ng distrito na mag-isyu ng mga bagong bond na binuo upang sa pangkalahatan ay mapanatili ang pare-parehong mga rate ng buwis.

Tinataya ng THPRD na ang rate ng buwis sa mga bond na pinahihintulutan ng panukalang-batas na ito ay hindi hihigit sa rate na itinakda ng distrito noong isangguni ito sa mga botante noong 2008. Ang tinatayang rate na iyon ay $0.37 kada $1,000 ng tinasang halaga, o humigit-kumulang $10 kada buwan o $120 kada taon para sa isang bahay na may average na tinasahang halaga na $325,421.

Maaaring mag-isyu ng maraming serye ng bond na ang bawat isa ay magma-mature sa loob ng 20 taon mula sa panahon ng pag-isyu. Maaaring magbago ang mga rate ng ipapataw na buwis batay sa mga rate ng interes o mga pagbabago sa tinasang halaga.

Ang mga buwis na ipapataw upang bayaran ang prinsipal at interes sa mga bond ay hindi saklaw ng mga limitasyon sa rate batay sa Seksyon 11 at/o 11b ng Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon. Kung hindi maaaprubahan ang panukalang-batas na ito, hindi tatasahin ang mga buwis para sa pagbabayad ng mga bond na ito.

**Pampublikong Pangangasiwa**

Isang komite sa pangangasiwa ang itatalaga upang repasuhin ang programa ng bond at mag-ulat taun-taon sa Lupon ng mga Direktor ng distrito. Magsasagawa ng mga taunang pag-audit. Ang mga kawani ng distrito ay magbibigay ng mga regular na update sa Lupon at komunidad.

*(Ang impormasyong ito ay ibinigay ni: Alfredo Moreno, Presidente ng Lupon, Pandistritong Parke at Libangan ng Tualatin Hills* (*Tualatin Hills Park & Recreation District))*